

PAG-IWAS SA DISKRIMINASYON BATAY SA KASARIAN: MGA LIGAL NA OBLIGASYON SA MGA GUSALI NG NEGOSYO

Pinagbabawalan ng [Gender Tax Repeal Act ng 1995](#) (Batas) ang isang negosyo mula sa pagtatangi batay sa kasarian ng isang tao para sa mga presyo ng katulad o katulad-sa-klase na mga kalakal at serbisyo. Gayunpaman, hindi pinagbabawalan ng Batas ang mga pagkakaiba batay sa dami ng oras, kahirapan, o gastos sa pagbibigay ng mga serbisyo.

Bilang karagdagan sa pagbabawal ng diskriminasyon batay sa kasarian ng isang tao, ang Batas ay **kinakailangan ang ilang mga negosyo** na malinaw at maliwanag na ibunyag sa mga kostumer ang pagpepresyo para sa bawat karaniwang serbisyo na ibinigay nang nakasulat. Nalalapat ang kinakailangan sa pagpaskil sa:

- Mga barbero at hair salon
- Mga mananahi o negosyong nagbibigay ng mga pagbabago sa damit pagkatapos ng pagbili
- Mga dry cleaner at labanderya na nagbibigay ng mga serbisyo sa mga indibidwal

Dapat sundin ng mga negosyo ang **espesipikong kinakailangan ng pagpaskil**. Ang listahan ng presyo ay dapat:

- Malinaw at ganap na ipinapakita ang presyo para sa bawat karaniwang serbisyo, na nangangahulugang ang 15 pinaka-madalas hilingin na mga serbisyo.
- Paggamit ng laki ng letra na 14-point boldface o mas malaki.
- Ipapaskil sa lugar na kitang-kita ng mga kostumer.

Dapat ding magbigay ang gusali ng negosyo sa kostumer ng **kumpletong nakasulat na listahan** ng presyo kapag hiniling.

Bilang karagdagan, ang gusali ng negosyo ay **dapat i-display sa kitang-kita na lugar ang hindi bababa sa isang karatula**—na nakaprinta sa hindi mas maliit sa 24-point boldface na uri—na nagsasabing:

CALIFORNIA ANG ANUMANG GUSALI NG NEGOSYO MULA SA PAGTATANGI, SA PRESYO NA SISINGILIN PARA SA MGA SERBISYO NA MAGKATULAD O MAGKAPAREHO ANG URI, LABAN SA ISANG TAO DAHIL SA KASARIAN NITO. MAGAGAMIT ANG KUMPLETONG LISTAHAN NG PRESYO KAPAG HINILING.

Ang mga gusali ng negosyo ay **maaring mamulta ng \$1,000** para sa hindi pagtama ng isang paglabag sa loob ng 30 araw ng alinman sa mga kinakailangan pagkatapos matanggap ang nakasulat na paunawa. Ang panahon ng 30 araw na pagwawasto ay nalalapat lamang sa pagpaskil ng mga paglabag at hindi sa mga paglabag na pagtatangi sa pagpepresyo.

Bilang karagdagan, ayon sa seksyon 52(a) ng Civil Code, maaaring managot ang isang negosyo para sa anumang halagang tinukoy ng isang hurado, o isang korte na walang hurado, hanggang sa tatlong beses ng halaga ng aktwal na pinsala ngunit hindi bababa sa \$4,000, dagdag ang anumang bayad sa abugado. Gayunpaman, ang isang aksyon sa ilalim ng seksyong ito ay hindi nagbabawal sa agrabyadong partido mula sa paghahanap ng anumang iba pang magagamit na remedyo o pamamaraan.

IBANG MGA PROBISYON

Hindi binabago o nakakaapekto ang Batas na ito sa mga probisyon ng Health and Safety Code, Insurance Code, o iba pang mga batas na namamahala sa plano ng serbisyo ng pangangalaga sa kalusugan, o paniniguro ng ari-arian o mga kasanayan sa pag-uuri.

Upang basahin ang buong teksto ng [Gender Tax Repeal Act of 1995 \(Civil Code section 51.6\)](#), bisitahin ang website ng California Legislative Information sa <https://leginfo.legislature.ca.gov>

STATE OF CALIFORNIA
dca
DEPARTMENT OF CONSUMER AFFAIRS

